ISSN 2672-2879

# CaraBalitaan

*Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones*
*Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 7 Blg. 1 | Enero - Marso 2025*

*www.pcc.gov.ph*
*DA-Philippine Carabao Center*
*oed@pcc.gov.ph*

**41**
bilang ng mga AI technicians sa Rehiyon III

## LGUs, AI technicians, nagkaisa para palakasin ang produksyon ng kalabaw sa Rehiyon III

Ni **Camilla Jane Soliman**

***DA-PCC sa CLSU***—*Pinangunahan ng DA-Philippine Carabao Center sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) ang Artificial Insemination (AI) Convergence and Nurturing event na may temang "Accelerating Calf Production through Artificial Insemination and Bull Entrustment Program" sa Philippine-Sino Center for Agricultural Technology sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija noong Marso 12, 2025.*

Sa pambungad na pananalita ni Dr. Ericson Dela Cruz, center director ng DA-PCC sa CLSU, binigyang-diin niya ang kahalagahan ng paggamit ng AI sa pagpaparami ng mga kalabaw at ang kritikal na papel ng mga AI technicians sa pagpapabuti at pagpapahusay ng kalidad ng mga kalabaw.

Pinuri naman ni Dr. Edwin Atabay, DA-PCC OIC deputy executive director, ang DA-PCC sa CLSU para sa makabuluhang kontribusyon nito sa calf production, artipisyal na pagpapalahi, at produksyon ng gatas. Kaniya ring pinasalamatan ang DA-PCC sa CLSU sa pag-oorganisa ng nasabing aktibidad.

*Sundan sa p.4*



## 'SOBRANG LATINA'

### Bida ang kalabaw sa 29th Sinigayan Festival sa Negros Occidental

Ni **Louie Jee Huelar**

***DA-PCC sa LCSF***—*Naging makulay na tagpo para sa pagpapakita ng mga inobasyon sa agrikultura at kultura ang ika-29th Sinigayan Festival sa Lungsod ng Sagay, Negros Occidental noong Marso 16, 2025.*

Ang DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) ay nanguna sa pagpapalaganap ng temang "Marveling in the Blueprint of a Sustainable Livestock Champion," upang itampok ang kahalagahan ng kalabaw sa kultura at agrikultura ng probinsya.

Bilang bahagi ng misyong ito, nagsagawa ang DA-PCC sa LCSF ng isang komprehensibong pagsasanay sa pakikipagtulungan ng City Veterinary Office ng Sagay.

Layunin ng pagsasanay na ipakita ang mga benepisyo ng pagkakalabawan at magbigay ng mahalagang kaalaman tungkol sa mga programa ng pagpapabuti ng lahi ng kalabaw, benepisyo ng gatas, at iba pang may kaugnayan sa pagkakalabawan.

**DAGDAG KAALAMAN**

**29th Sinigayan Festival**



Idinaraos tuwing ika-19 ng Marso ang Sinigayan Festival sa lungsod ng Sagay sa Negros Occidental. Sa temang "*Moving Onward in Harmony*," tampok dito ang likas na yaman-dagat ng bayan at ang ika-29 na selebrasyon nito ngayong taon.

**Photo Credits:** The Negrense Juanderer Facebook Page

Pinili ng programa na bigyang-diin ang malaking papel ng kalabaw sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga magsasaka at komunidad.

Tinalakay sa mga seminars na isinagawa ng DA-PCC sa LCSF ang mga mahahalagang paksa tulad ng Dairy Buffalo Production, Proper Milk Handling, at Pagsusuri ng Kalidad ng Gatas.

Pinagtuunan ng pagsasanay ang pagbibigay ng praktikal na kaalaman at kasanayan na makatutulong sa mga kalahok na mapabuti ang kanilang mga pamamaraan sa pagkakalabaw. Layunin nitong palakasin ang

*Sundan sa p.3*

***KASAMA SA TAGUMPAY.*** *Ipinagmalaki ng mga magsasakang Negrosano ang kanilang pagkamalikhain sa pamamagitan ng kanilang mga kalabaw. Naging agaw-pansin ito sa mga bisita at lokal ng Sinigayan Festival.* ***-LJHuelar***

## TALAAN NG NILALAMAN

**02**



**KWENTONG 'SUMAKSES'**
Pinakamalaking Dairy Box, nasa General Trias, Cavite

**04**



**SA DAIRY, ANG KITA AY DAILY**
Isang makasaysayang hakbang at pagsasanay para sa industriya ng gatas ng kalabaw sa La Castellana

**07**



**KARA-KRUSIGRAMA**
Mga Kagamitan sa Pagsusumpit

## GIDAs at mga lugar na may mataas na poverty incidence, pokus ng DA-PCC sa USM sa upgrading program



*Kuha ni RValdez*

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

***DA-PCC sa USM***—*Mahigit 80 na mga artificial insemination (AI) technicians mula sa Rehiyon XI, XII, at BARMM ang nagsanib-puwersa upang palakasin ang carabao upgrading program ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kanilang AI at bull services sa mga geographically isolated and disadvantaged areas (GIDAs) at mga lugar na may mataas na poverty incidence.*

*Sundan sa p.4*

Ang OMK! ay isang communication campaign na layuning pataasin ang kaalaman at pagpapahalaga ng ating mga magsasaka sa serbisyong AI, na magreresulta sa kanilang aktibong pakikilahok sa ating upgrading program.

**JEFFREY A. RABANAL**
AI Coordinator
DA-PCC sa USM

# Unang Dairy Box sa CAR binuksan sa Apayao

Nina **Shirley Viloroia** at **Mar Teodoro Mora**

*DA-PCC sa CSU—Bukas na ang kauna-unahang Dairy Box sa Cordillera Administrative Region (CAR) matapos ang ginanap na inagurasyon nito noong Pebrero 10, 2025 sa pagdiriwang ng ika-30 anibersaryo ng pagkakatatag ng probinsya ng Apayao.*

Binigyang-diin ni Governor Elias C. Bulut Jr. ang kahalagahan ng pasilidad sa pagpapalakas ng industriya ng paggagatasan at sektor ng agrikultura sa Apayao.

"Ang Dairy Box ay magbibigay ng matatag na merkado para sa ating mga magsasaka ng gatas at itaguyod ang potensyal ng Apayao bilang isang agro-tourism destination. Ito ay isang hakbang patungo sa pagpapalakas ng ating lokal na ekonomiya at pagtiyak ng matatag na pamumuhay para sa ating mga magsasaka," sabi ni Governor Bulut Jr.

Ang Dairy Box-Apayao ay isang pangunahing inisyatibo sa ilalim ng Carabao-Based Business Improvement Network (CBIN) Program, na pinangunahan ni Senador Cynthia A. Villar, chairperson ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform. Ang proyektong ito ay isang sama-samang pagsisikap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Apayao at ng DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC at CSU). Sinusuportahan ng Provincial Veterinary Office, sa pakikipagtulungan ng Apayao Livestock Agriculture Cooperative, ang pagpapatupad nito.

Ipinakita ang iba't ibang lokal na pinagmumulan at naprosesong mga produktong gawa sa gatas, kabilang ang pasteurized milk, mga inumin na may iba't ibang flavor, kendi, at produktong mula sa balat ng kalabaw tulad ng Chicharabao.

Ang mga bisita at mga dumalo sa Agro-Tourism Trade Fair ay nagkaroon ng pagkakataon na maranasan ang mga produktong gawa sa gatas at nagbigay ng positibong komento.

Ang Dairy Box Apayao ay gumagalaw patungo sa buong operasyon nito, inaasahang isusulong nito ang industriya paggagatasan, mga oportunidad para sa karagdagang trabaho, at mailagay ang Apayao bilang isang umuusbong na agro-tourism hub sa Northern Luzon.

Sina Rep. Eleanor C. Ang Bulut-Begtang at Board Member Kyle Mariah Chelsea Bulut-Cunan ay nakiisa sa gawain bilang pagpapakita ng kanilang suporta.



Kuha ni MTMora

# KWENTONG 'SUMAKSES'



***BUKAS NA.** Pinangunahan nina Dr. Liza Battad, Executive Director III ng DA-PCC at ni Marivic Martinez, provincial director ng DOLE-Cavite ang pagbubukas ng Dairy Box ng General Trias City, Cavite. -LJHuelar*

## Pinakamalaking Dairy Box, nasa General Trias, Cavite

Ni **Lloyd Melvin Tonga**

*DA-PCC sa UPLB— "Ito, sa ngayon, ang pinakamalaking Dairy Box sa buong Pilipinas."*

Ito ang naging pahayag ni Dr. Liza G. Battad, Executive Director III ng DA-Philippine Carabao Center, sa pagbubukas ng Dairy Box sa Brgy. Santiago, General Trias City, Cavite, Marso 18, 2025.

Sa tulong ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB), binuksan ng General Trias Dairy Multi-Purpose Cooperative (GTDRMPC) ang kasalukuyang pinakamalaking Dairy Box Store sa bansa ayon kay Dr. Battad.

Ang Dairy Box ay isang one-stop-shop na nag-aalok ng mga dairy products at nagsisilbing pasalubong center kung saan tampok ang iba't ibang ipinagmamalaking produkto ng Cavite mula sa mga Micro, Small, and Medium Enterprises (MSMEs) nito.

Ang Dairy Box ay isa sa mga components ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB)-Karbawan sa proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Project, na pinopondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia A. Villar.

Layunin ng programang ito na mapalago ang kita ng mga magsasaka at mapausbong ang industriya ng pagkakalabaw at ibang pangkabuhayan ng mga kooperatiba.

Nagsimula ang programa sa isang motorcade parade sa pangunguna nina KalaBoy at KalaGirl sa kahabaan ng Arnaldo Highway kung saan matatagpuan ang Dairy Box.

Ang pagtatayo ng Gen Tri Dairy Box ay buong-pusong sinuportahan at pinondohan ng Lokal na Pamahalaan ng Lungsod ng General Trias sa pangunguna ni Mayor Luis A. Ferrer IV.

Binigyang-diin niya sa kanyang pambungad na pananalita ang kuwento ng simpleng simula ng GTDRMPC.

"Napakalayo na ng narating ng koop natin—dati sa loob lang ng bahay, isang pwesto sa palengke, tricycle lang ang panghatid na naging multicab—isang pangarap na nagkaroon ng katuparan. Ito ay isang buhay na patunay na kapag tayo ay may pangarap at pinagsumikapan ay may magandang resulta tayong patutunguhan. Ito ay bunga ng lahat ng pagod at sakripisyo ng mga magsasakang Gentriseño".

Ito naman ang nagagalak na tugon ni Dr. Battad: "Kayo po ang kauna-unahang nagsabi na ang kooperatiba ay dapat makikita agad na negosyante sila," pagtukoy sa GTDRMPC, na naaayon sa layunin ng PCC na alisin ang kasabihang 'magsasaka lang' at itaas ang kumpiyansa ng mga magsasaka na magsimula sa pagnenegosyo.

Inihahandog ni G. Samuel F. Potante, chairperson ng GTDRMPC, ang tagumpay na ito sa mga pioneer na magsasaka ng kanilang kooperatiba na nagtatag ng kanilang samahan upang itaas ang pagsasaka sa isang mas malaking negosyo.

Ang seremonya ng pagbabasbas at inagurasyon ay nilahukan ng mga sumusunod na ahensya: Department of Trade and Industry (DTI)-Cavite, Cooperative Development Authority (CDA) IV-A, School Division Office (SDO) ng Cavite Province, SDO Gen. Trias, SDO Cavite City, Department of Labor and Employment (DOLE)-Cavite, Department of Science and Technology (DOST)-Cavite, Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) Gen Trias City Jail, at Office of Provincial Veterinary-Cavite.

## 'Standardized' na pamamahala ng Dairy Box, pinagtuunan ng DA-PCC sa USM

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

*DA-PCC sa USM—Umabot sa 45 na Dairy Box operators mula sa Rehiyon XI at XII ang nagsimula ng isang mas epektibo at organisadong carapreneurship matapos dumaan sa pagsasanay tungkol sa tamang pamamahala ng Dairy Box noong Pebrero 25-28, 2025, sa ATI Satellite Office, University of Southern Mindanao, Kabacan, Cotabato.*

Ang aktibidad, na pinangunahan ng DA-Philippine Carabao Center sa USM, ay naglalayong bigyan ang mga kooperatiba ng mga pangunahing kaalaman at kasanayan sa negosyo para sa mas epektibong pamamahala ng carabao-based enterprise, patibayin ang brand identity, at palaganapin ang katapatan ng mga customers sa mga produktong mula sa kalabaw.

"Ang pagsunod sa standardization ay susi sa pagpapabuti hindi lang ng produktibidad kundi pati na rin ng kakayahang kumita ng ating mga carapreneurs. Sa pamamagitan ng standardized na pamamahala ng Dairy Box, makalilikha tayo ng isang mas sustainable at competitive na industriya ng kalabaw sa Mindanao," ani DA-PCC sa USM Center Director Geoffray R. Atok.

Sundan sa p.5



***MATAAS NA ANTAS.** Ibinahagi ni Cherry Damaso, vice chairperson ng Pangi Multi-Purpose Cooperative, ang kanilang pinakamahusay na kasanayan sa pamamahala ng Dairy Box. -RValdez*

## ICMC inilunsad ang bagong Milk Collection Center, Dairy Box

Ni **Dorie Bastatas**

*DA-PCC sa MLPC—Ipinagdiwang ng Ipil Community Multi-Purpose Cooperative (ICMC) ang inagurasyon ng kanilang bagong milk collection center noong Marso 13, 2025, sa Logan, Ipil, Zamboanga Sibugay. Layunin ng pasilidad na ito na mapabilis at mapatatag ang pag-unlad ng lokal na industriya ng paggagatasan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng produksyon ng gatas at karne, gayundin ang paglikha ng mas maraming negosyo at oportunidad sa kabuhayan para sa lahat ng kasapi sa value chain.*

Ang konstruksyon ng milk collection center, na nagkakahalaga ng PHP1 milyon, ay bahagi ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) na pinondohan ni Senator Cynthia Villar

Sundan sa p.6



DAGDAG KAALAMAN

Sa kasalukuyan, mayroon nang 92 na naipatayong Dairy Box sa buong Pilipinas.




**38** LUZON

**30** VISAYAS

**24** MINDANAO

# Mas malawak na marketing outlet sa NegOcc

Ni **Louie Jee Huelar**

*DA-PCC sa LCSF—Isang makasaysayang pangyayari para sa industriya ng lokal na gatas ang naganap nang isagawa ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at La Carlota Stock Farm (LCSF) ang soft opening ng kauna-unahang Dairy Box sa Lungsod ng Sagay, Negros Occidental noong Marso 17, 2025.*

Nagsimula ang proyekto mula sa isang pangarap na palakasin ang lokal na ekonomiya, isulong ang pagsasaka, at magbigay ng mas magaan na buhay para sa mga magsasaka sa rehiyon. Ang tagumpay ng proyekto ay bunga ng walang sawang pagtutulungan ng DA-PCC, DA-Philippine Coconut Authority (DA-PCA), Sagay City Employees Multi-Purpose Cooperative (SCEMPCO), at ng lokal na pamahalaan ng Sagay.

Dumalo sa seremonya ang chairperson ng SCEMPCO na si Dir. Roger T. De Guzman, at nagpasalamat sa mga lokal na opisyal ng gobyerno sa kanilang pagtulong para masigurong may lupang pagtatayuan ang Dairy Box. Ayon sa kanya, ang proyekto ay naging matagumpay dahil sa pagtutulungan ng iba't ibang sektor, na nagbigay daan para sa pagbabago sa komunidad at industriya.

"Nakita natin kung paano ang kooperasyon ng iba't ibang sektor ay nagbunga ng isang kamangha-manghang proyekto," ani De Guzman. "Ito ay patunay ng kahalagahan ng pagtutulungan sa pagpapalakas ng isang industriya at komunidad," ani De Guzman.

Para naman kay Dir. Eva R. Alvarez, center director ng DA-PCC sa LCSF, ang Dairy Box ay higit pa sa isang tindahan ng gatas—ito ay isang pagkakataon para sa mga magsasaka na kumita ng mas malaki at magkaroon ng direktang akses sa pamilihan.

"Ang Dairy Box ay isang hakbang patungo sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga lokal na magsasaka ng gatas," wika niya. "Ito ay isang lugar kung saan ang mga magsasaka ay makapagbebenta ng kanilang mga produkto at makikinabang sa tamang halaga ng kanilang pagsusumikap."

Para kay Ronal Estrada, ang General Manager ng SCEMPCO, ang pamamahala ng Dairy Box ay isang pribilehiyo at malaking responsibilidad. Nakikita niya ang tindahan hindi lamang bilang negosyo, kundi bilang simbolo ng pag-asa para sa mga maliliit na magsasaka, na madalas ay hindi nabibigyan ng tamang pagpapahalaga.

Dagdag pa niya, sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang maaasahang pamilihan para sa kanilang mga produkto, tinitiyak ng Dairy Box na makatatanggap

Sundan sa p.5



"Ang Dairy Box ay isang hakbang patungo sa pagpapabuti ng kabuhayan ng mga lokal na magsasaka ng gatas. Ito ay isang lugar kung saan ang mga magsasaka ay makapagbebenta ng kanilang mga produkto at makikinabang sa tamang halaga ng kanilang pagsusumikap.

**EVA R. ALVAREZ**
Center Director
DA-PCC sa LCSF

# Carapreneurs ng Sagay City, nagtamo ng mahahalagang kasanayan sa Food Safety seminar

Ni **Louie Jee Huelar**

*DA-PCC sa LCSF—Upang mapabuti ang operasyon ng Dairy Box at mapataas ang kahusayan sa pagpoproseso at marketing ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw sa Negros, nagsagawa ang DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) ng isang Dairy Box Operation and Management Seminar sa Sagay City noong Marso 11-12, 2025.*

Ang inisyatibang ito ay nakatuon sa pagtulong sa mga kooperatiba na ganap na mapakinabangan ang potensyal ng kanilang negosyo na nakabase sa kalabaw, na magdudulot ng mas mataas na kita at magandang kabuhayan.

Ang Dairy Box ay idinisenyo upang isapamilihan ang mga premium na produktong gawa sa gatas ng kalabaw tulad ng yogurt at iba pang mga dairy products. Upang matiyak ang tagumpay ng inisyatibang ito, mahalaga ang wastong paghahanda ng mga miyembro ng kooperatiba mula sa DA-PCC at Sagay City Employees Multi-Purpose Cooperative (SCEMPCO). Kasama sa paghahandang ito ang pag-unawa sa mga kasanayan sa food safety at ang pagkuha ng mga teknikal na kaalaman sa pinagbuting pagpoproseso ng gatas.

Upang matiyak ang kahandaan para sa paglulunsad, nagbigay ang programa ng hands-on na pagsasanay sa ilang kritikal na larangan tulad ng food safety.

Binigyan din sila ng gabay para sa value-adding ng

Sundan sa p.7



*MAKINIG AT MATUTO. Sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at pakikinig ng mga magsasakang Cagayanos, tiyak na magagampanan nila ang kanilang tungkulin bilang magiting na magkakalabaw. -MTMora*

# Mga magsasaka ng Cagayan inihanda para sa carapreneurship

Ni **Mar Teodoro Mora**

*DA-PCC sa CSU—Nagsagawa ng dalawang araw na Social Preparation Training (SPT) ang DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC at CSU) para sa mga magsasaka na miyembro ng Apayao Piat Agriculture Cooperative (APAC) at Integrated Farmers' Cooperative (IFC) mula sa Piat at Tuguegarao City, Cagayan noong Pebrero 26-27, 2025.*

Naganap ang SPT sa National Swamp Buffalo Gene Pool and Dairy Buffalo Farm ng DA-PCC-CSU, Baung, Piat, Cagayan upang mas mahusay na ihanda ang mga magsasaka sa carapreneurship.

Inorganisa ng Carabao-Based Enterprise Development (CBED) yunit ng DA-PCC sa CSU ang pagsasanay. Ito ay naglalayong suportahan ang mga magsasaka sa pagiging kwalipikado sa mga programa na iniaalok ng DA-PCC.

Nagbahagi ng isang lektyur tungkol sa mga mandato at mga programa ng DA-PCC si Project Assistant IV Celso G. Quinet tulad ng pagpapataas ng gatasang kalabaw at pag-unlad ng negosyo.

"Gusto ng DA-PCC na tulungan kayo sa pag-aalaga at pagpaparami ng inyong mga kalabaw, na pangunahing pinagmumulan ng gatas, karne, at iba pang mga produkto. Makikinabang kayo sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw," dagdag niya.

Ibinahagi naman ni Benedicto B. Blanza, project assistant III, ang paksa kung paano maaaring mapabuti ang kanilang buhay sa pagsuong sa negosyo ng pagkakalabawan.

Upang matiyak na nauunawaan ng mga magsasaka ang kanilang mga responsibilidad sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, ipinaliwanag ni Romulo A. Salas, CBED coordinator, ang mga detalye at teknikal na aspeto ng kontrata.

Nakasaad sa mahalagang dokumentong ito ang kanya-kanyang gampanin ng DA-PCC at ng kooperatiba, pati na rin ang mga impormasyon na naglalarawan sa mga dapat gawin ng mga magsasaka.

Mula sa p.1

## SOBRANG LATINA...

produksyon ng kalabaw at mapabuti ang kalidad ng gatas at karne.

Sa pamamagitan ng pagpapabuti ng mga produktong ito, binuksan ang mga bagong oportunidad para sa mga magsasaka, na magpapalago sa kanilang kabuhayan at mag-aambag sa pag-unlad ng ekonomiya sa rehiyon.

Ang Sinigayan Festival, na isang taunang kaganapan sa Lungsod ng Sagay, ay hindi lamang isang selebrasyon ng kultura at pamana, kundi isang mahalagang plataporma para sa tuluy-tuloy na pagpapaunlad sa mga gawaing agrikultura sa bayan.

Isa sa mga tampok sa festival ang "Most Beautiful Carabao" contest, kung saan ipinapakita ng mga kalahok ang ganda at lakas ng kanilang mga kalabaw, na nagpapamalas ng angking halaga nito sa buong komunidad.

Ang aktibong paglahok ng DA-PCC sa Sinigayan Festival, ay nagpapakita ng adbokasiya nito sa integrasyon ng modernong teknolohiya sa pagsasaka at mga tradisyonal na gawi.

Ang kalabaw, bilang simbolo ng pagkakakilanlan ng mga Pilipino, ay nananatiling sentro ng mga pagsisikap upang mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka sa buong Pilipinas.

www.pcc.gov.ph oed@pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center

## Social preparation training para sa Lamut, Ifugao

Ni **Mar Teodoro Mora**

*DA-PCC sa CSU—Upang mapabuti ang produksyon ng gatasang kalabaw ng mga magsasaka sa Lamut, Ifugao, isang Social Preparation Training (SPT) ang ginanap noong Pebrero 20-21, 2025, sa Poblacion West, Lamut, Ifugao.*

Pinangunahan ni Dr. Ericson N. Dela Cruz, ang Center Director ng DA-Philippine Carabao Center sa Central State University (CLSU), ang "Pagsasanay para sa Panlipunang Paghahanda ng mga Magsasakang nais Makilahok sa Proyektong Gatasang Kalabaw".

Inorganisa ng Municipal Agricultural Office ng Lamut, Ifugao, sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU), ang mga miyembro ng mga magsasaka ng Umilag

Sundan sa p.7

**DAGDAG KAALAMAN**

**06** Litro ng gatas kada kalabaw

**x ₱80** Presyo kada litro ng gatas sa DA-PCC

**₱480*** Karaniwang benta sa gatas kada kalabaw sa isang araw

* Bilang kabuuan, maaaring umabot ng PHP14,400 kada buwan o PHP172,800 kada taon ang benta ng magsasaka sa isang taon sa paggagatas sa isang kalabaw. Subali't, nakadepende ito sa dami ng kalabaw na pagmamay-ari, produksyon ng gatas ng kalabaw, at presyo ng gatas sa kanilang lugar.

# SA DAIRY, ANG KITA AY DAILY

## Isang makasaysayang hakbang at pagsasanay para sa industriya ng gatas ng kalabaw sa La Castellana

Ni **Louie Jee Huelar**

*DA-PCC sa LCSF—Noong Pebrero 28, 2025, isang pagsasanay ang isinagawa sa Brgy. Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental—tanda ng pagsisimula ng isang hakbang para sa maalab na pagkakalabawan sa buong bayan. Ang kaganapang ito ay inorganisa ng DA-Philippine Carabao Center sa La Carlota Stock Farm (DA-PCC sa LCSF) sa pakikipagtulungan ng Pacita United Farmworkers Association (PUFA). Layunin nitong magbigay ng mahahalagang kaalaman tungkol sa pagpoproseso ng gatas at food safety.*

Ang pagsasanay ay binubuo ng mga talakayan, demonstrasyon, at mga praktikal na pagsasanay. Ipinakita sa mga kalahok ang mga tamang pamamaraan para mapanatili ang kalinisan at kalidad ng produkto.



Kuha ni LJHuelar

Isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng pagsasanay ay ang kaligtasan sa pagkain, isang kritikal na aspeto ng industriya ng gatas.

Binigyang-diin ang kahalagahan ng pagsunod sa mga tamang protokol upang maiwasan ang kontaminasyon ng mga produkto.

Tinutukan din ng pagsasanay kung paano mapoprotektahan ang mga mamimili sa pamamagitan ng pagsunod sa mga pamantayan sa kaligtasan.

Bahagi rin ng pagsasanay ang mga praktikal na karanasan na may layuning magbigay ng direktang benepisyo sa mga magsasaka ng gatas.

Sa kabuuang layunin ng pagpapabuti ng kalidad ng mga produktong gatas mula sa La Castellana, ang pagsasanay ay nagbigay ng mga kasangkapan upang mapanatili ang mataas na kalidad ng gatas sa bawa't yugto ng produksyon.

Bukod sa mga teoretikal na kaalaman, binuksan ng pagsasanay ang mga pagkakataon para sa mga magsasaka na matutunan ang mga makabagong teknolohiya at pamamaraan na maaaring magdulot ng pagbabago sa kanilang mga pamamaraan.

Habang natututo sila ng tamang pagpoproseso ng gatas, natututunan din nila kung paano mapabuti ang kalidad ng kanilang mga produkto.

Sa buong araw ng pagsasanay, tinuruan ang mga magsasaka ng mga tamang sukat, ratio ng mga sangkap, at mga hakbang na proseso upang makalikha ng mga produkto.

Ang hands-on na pagsasanay ay isang makabuluhang karanasan para sa mga kalahok upang mapataas ang pamantayan ng lokal na produksyon ng gatas.

Sa pamamagitan ng pagtutok sa kalidad, kaligtasan, at inobasyon,

Sundan sa p.6



Kuha ni CJSoliman

Mula sa p.1

## LGUs, AI technicians, nagkaisa...

Si Erwin DC. Encarnacion, AI coordinator ng DA-PCC sa CLSU, ay nagbigay ng isang pangkalahatang-ideya ng kalagayan at mga nagawa ng AI sa Rehiyon III sa nakalipas na tatlong taon. Binigyang-diin din niya ang bilang ng mga aktibong yunit ng lokal na pamahalaan at mga AI technician, pati na rin ang mga kontribusyon ng AI sa rehiyon, kabilang ang mga naprodyus na bulo.

Iniulat ni Ronaldo Salazar, bull entrustment program coordinator na may kabuuang 64 na kalabaw ang naipamahagi sa Region III mula 2022 hanggang 2024. Partikular, 23 kalabaw ang ipinahiram noong 2022, 18 noong 2023, at 23 noong 2024.

Si Nomer Garcia, senior Science Research Specialist at head ng forage and pasture development, ay nagpahayag ng kanyang pasasalamat sa lahat para sa kanilang pakikilahok at kooperasyon. Hinikayat niya ang lahat na patuloy na suportahan ang Carabao Development Program para sa kapakanan ng mga magsasaka.

Isinagawa rin sa aktibidad ang mga lectures ukol sa "Strategies in Accelerating Buffalo Calf Production," na iprinisinta ni Dr. Atabay at " Female Reproductive Organ Monitoring: A Practical Guide for AI in Water Buffaloes" na inihatid ni Dr. Peregrino Duran, Scientist I.

Isang forum din ang pinamunuan ni Arman Anyayahan, assistant AI coordinator at AI technician, upang bigyan ang mga dumalo ng pagkakataon na ilahad ang mga isyu at mungkahi para sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa AI. Tinugunan din ng mga eksperto ang mga isyu na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng malinaw at kapaki-pakinabang na impormasyon sa mga AI technician.

Isang pledge of commitment na sumasagisag sa dedikasyon ng lahat ng mga AI technician at kawani ng DA-PCC sa CLSU, upang mapabuti ang industriya ng kalabaw ang pinirmahan.

Ang mga sertipiko at insentibo ay iginawad din sa mga AI technician na may pinakamataas na calf drop rates. Ang mga pinarangalan ay sina Lito R. Lopez, Larry Deonoso, Luisito Q. Espiritu, Eduardo B. Manuson, Arman P. Anyayahan, at Antonio N. Rutaquio.

Mula sa p.1

## GIDAs at mga lugar na may mataas na poverty incidence...

Sa ginanap na AI forum noong Pebrero 27-28, tinalakay ang kahalagahan ng tamang estratehiya para sa bawa't lalawigan sa rehiyon. Layunin ng inisyatiba na maabot ang 5,600 artificial insemination services sa taong 2025, pati na rin ang 100% calf drop monitoring.

"Balikan natin ang isang intervention program na tumutok sa pinakamaliit na grupo ng lipunan tulad ng mga 'Sitio'-based AI activities. Sa ganitong paraan, makakapasok tayo sa mga lugar na talagang nangangailangan ng ating mga serbisyo," ani DA-PCC sa USM Center Director Geoffray R. Atok.

Naging sentro rin ng aktibidad ang pakikilahok ng mga nag-aalaga ng kalabaw mula sa mga kooperatibang may carabao-based enterprises upang pahalagahan ang papel ng mga AI technicians sa pagpapalaganap ng rebreeding programs o herd build-up na makatutulong sa pagpapataas ng produktibidad at kakayahang kumita ng mga carapreneurs, upang matiyak ang kanilang paglago sa kita.

Dagdag pa rito, binigyang-diin naman ni DA-PCC sa USM AI Coordinator Jeffrey A. Rabanal ang malaking epekto ng OMK! Campaign na inilunsad noong nakaraang taon sa Sultan Kudarat.

"Ang OMK! ay isang communication campaign na layuning pataasin ang kaalaman at pagpapahalaga ng ating mga magsasaka sa serbisyong AI, na magreresulta sa kanilang aktibong pakikilahok sa ating upgrading program. Ituloy natin ang kampanyang ito," ani Rabanal.




Kuha ni RValdez

Samantala, patuloy na ipinapakita naman ng iba't ibang mga partners at stakeholders ang kanilang suporta sa pagpapalakas ng upgrading program ng DA-PCC.

Ayon kay Director Atok, mahalaga ang pagsasama-sama upang maihatid hindi lamang ang mga interbensyon sa seguridad kundi pati na rin ang mga komprehensibong serbisyo para sa pangmatagalang kapayapaan sa mga komunidad na may mga marginalized na populasyon.

"Magbigay tayo ng makabuluhang kontribusyon sa pagpapabuti ng kabuhayan ng ating marginalized clients at magbigay ng mga pagkakataon sa pamamagitan ng kalabaw," dagdag pa ni Atok.

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones, Science City of Muñoz, Nueva Ecija
Tomo 7 Blg. 1 | Enero - Marso 2025





**NGITING NATUTO.** *Isa sa mga layunin ng Buffalo Production Management Training (BPMT) ay tulungan ang mga magsasaka na mas mapabuti ang kanilang pag-aalaga ng kalabaw. Ang isa sa mga itinuturo sa pagsasanay ay ang paggawa ng silage o buro. -MTMora*

# BENEPISYO SA 'KAWAN'

## BPM Training para sa mga magsasaka ng Cagayan, isinagawa

Ni **Mar Teodoro Mora**

*DA-PCC sa CSU—Nagsagawa ang DA-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC sa CSU) ng Buffalo Production and Management (BPM) Training upang maparami ang mga matataas na lahi ng kalabaw. Ang pagsasanay ay isinagawa sa National Swamp Buffalo Gene Pool at Dairy Buffalo Farm, Baung, Piat noong Marso 20-21, 2025.*

Layunin ng pagsasanay na tulungan ang mga magsasaka na mapagbuti ang kanilang kasanayan sa pag-aalaga at pagpaparami ng kalabaw.

Ito ay inorganisa ng DA-PCC sa CSU na dinaluhan ng 25 na magsasaka mula sa Apayao Piat Agricultural Cooperative at Integrated Farmers' Cooperative, mula sa Piat at Tuguegarao City, Cagayan.

Nagbigay ng mahalagang pagsasanay sa Forage at Production at Establishment, Forage Conservation, Block Mate, at Nutrition at Feeding ng Dairy Buffaloes si Dr. Phoebe Lyndia T. Llantada, coordinator ng forage at pasture development at nutrition, na nakatuon sa kahalagahan ng epektibong pamamahala ng mga buffalo upang matiyak ang mataas na produksyon.

"Kung susundin ninyo ang tamang paraan ng pag-aalaga ng inyong mga kalabaw, magkakaroon kayo ng masaganang ani. Tamang nutrisyon ang susi upang tuluy-tuloy na mapataas ang inyong produksyon," aniya.

Nagbahagi rin si Dr. Aileen Bulusan, Science Research Specialist II at center veterinarian, tungkol sa herd health program at pag-iwas sa mga sakit ng kalabaw. Aniya, kung mahusay ang pag-aalaga ng kalabaw, maiiwasan ang pagtaas ng antas ng pagkamatay mula sa mga sakit.

Nagturo rin ang coordinator ng Carabao-Based Enterprise Development (CBED) na si Romulo A. Salas ukol sa Carabao Development Program, breeding, at record keeping.

**DAGDAG KAALAMAN**

**Saan ba matatagpuan ang mga DA-PCC institutional herds sa Luzon?**



- **National Gene Pool** at **DA-PCC Headquarters** in Nueva Ecija
- **DA-PCC at CLSU** in Nueva Ecija
- **DA-PCC at CSU** in Cagayan
- **DA-PCC at MMSU** in Ilocos Norte
- **DA-PCC at UPLB** in Laguna

# 2-day educ tour, field exposure ng mga magsasaka sa Cam Norte

Ni **Lloyd Melvin Tonga**

*DA-PCC sa UPLB—Pinasinayaan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB) ang educational tour at field exposure ng mga magsasaka ng Camarines Norte na benepisyaryo ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) para maihanda at mabigyan sila ng mas malawak na kaalaman sa pagkakalabaw noong Marso 11-12, 2025 na ginanap sa DA-PCC sa UPLB at Rosario, Batangas.*

Pinamamahalaan ng DA-PCC at DA-Philippine Coconut Authority ang CCDP na may layuning makapagbigay ng dagdag kita at hanapbuhay sa mga magsasaka kasangga ang Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia A. Villar.

Nagsilbing benchmarking, educational development orientation, mind setting, at social preparation ang nasabing programa para sa mga magsasaka ng apat na bayan ng Camarines Norte: Daet, Jose Panganiban, Labo, at Talisay.

Naglalayong makapagbigay ng komprehensibong kaalaman sa pagnenegosyo na may kinalaman sa kalabaw ang aktibidad upang mas mapagtibay ang kumpyansa at kaalaman ng mga magsasaka sa panahong papasukin nila ang pagpapalawak nito mula sa pagbebenta ng mga produktong may kinalaman sa gatas ng kalabaw at iba pang sakop nito.

Siniguro ni Dr. Thelma A. Saludes, center director ng DA-PCC sa UPLB, na bukas ang ahensya sa patuloy na pagsuporta sa mga magsasaka sa layunin nilang makapagtayo ng sariling negosyo.

Pinangunahan naman ni Jose C. Canaria, senior science research specialist, ang tour mula sa pagbisita sa Institutional Herd at Milka Krem ng DA-PCC sa UPLB, apat na dairy farms, at Dairy Box Store sa Rosario, Batangas.

Tinalakay din ni Canaria ang mga mabubuting kasanayan sa buffalo management mula sa wastong pagpapakain at paggagatas sa mga ito hanggang sa pagpoproseso at pagsasapamilihan.



*Kuha ni LJHuelar*

*Mula sa p.3*

## *Mas malawak na marketing outlet sa NegOcc...*

sila ng wastong kabayaran.

"Ang mga magsasaka ang gulugod ng ating ekonomiya. Ang proyektong ito ay tumutulong upang matiyak na ang kanilang mga pagsusumikap ay kinikilala at ginagantimpalaan," ani Estrada.

Bilang pangalawang Dairy Box sa Negros Occidental, ang paglulunsad ng tindahan ay isang mahalagang hakbang patungo sa pagkakaroon ng isang umuunlad at sustainable na industriya ng gatas sa bansa. Hindi lamang nito palalakasin ang lokal na produksyon ng gatas, kundi magbibigay din ng mas maraming oportunidad sa ekonomiya at magsusulong ng mga napapanatiling kasanayan sa pagsasaka.

*Mula sa p.2*

## *'Standardized' na pamamahala ng Dairy Box...*

Ang tatlong araw na pagsasanay ay para sa mas pinagbuting operasyon ng siyam na Dairy Box stores sa mga Rehiyon XI at XII sa pamamagitan ng mga talakayan tungkol sa mga pangunahing prinsipyo ng negosyo, branding ng Dairy Box, Yellow Book Manual, at mga estratehiya sa marketing.

"Ang pinaka-importanteng natutunan ko sa training ay ang mga pangunahing kaalaman sa negosyo, tulad ng pagkakaroon ng malinaw na vision at mission para sa Dairy Box. Binigyan din kami ng mga mahahalagang kaalaman tungkol sa mga estratehiya sa marketing dahil ang pagkakalabawan ay hindi lang natatapos sa pag-aalaga ng kalabaw kundi hanggang sa pagnenegosyo ng mga produkto mula rito," ani Cherry M. Damasco, vice chair ng Pangi Multipurpose Cooperative.

Ang kauna-unahang Dairy Box store ay itinayo sa Science City ng Muñoz, Nueva Ecija noong 2015, at mula noon ay lumawak na sa buong bansa. Sa mga Rehiyon XI at XII, ang mga Dairy Box stores ay matatagpuan sa mga estratehikong lokasyon at pinamamahalaan ng iba't ibang mga kooperatiba, kabilang ang: Sta. Catalina Multi-Purpose Co-op sa Pres. Roxas, Cotabato; Lamluma Diversified Farmers Agriculture Co-op sa Surallah, South Cotabato; Tupi Integrated Agricultural Co-op sa Tupi, South Cotabato; Pangi Multi-Purpose Co-op sa Maitum, Sarangani; Inyam Pintuan Asbang Multi-Purpose Co-op sa Matanao, Davao del Sur; Taytayan Irrigators and Farmers Agriculture Co-op sa Cateel, Davao Oriental; Don Enrique Lopez Kalaparan Agriculture Co-op sa Lungsod ng Mati, Davao Oriental; United Carp Beneficiaries Multi-Purpose Co-op - Sta. Maria, Davao Occidental; at Linoan Farmer Integrated Co-op sa Montevista, Davao de Oro.

> Sa pamamagitan ng standardized na pamamahala ng Dairy Box, makakalikha tayo ng isang mas sustainable at competitive na industriya ng kalabaw sa Mindanao.
>
> **GEOFFRAY R. ATOK**
> Center Director
> DA-PCC sa USM



www.pcc.gov.ph oed@pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center

# COA, pinarangalan ang DA-PCC sa CMU ipinamalas na malinis na PPE account

Ni **Jeson Candole**

*DA-PCC sa CMU—Kinilala ng Commission on Audit (COA) ang DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) dahil sa kanilang tagumpay sa pagtatapos ng isang beses na paglilinis ng mga balanse sa Property and Equipment (PPE) account.*

Ang seremonya ng pagkilala ay naganap sa COA exit conference para sa Calendar Year 2024 sa Training Hall ng DA-PCC sa CMU, Musuan, Maramag, Bukidnon noong Abril 2, 2025.

Pinuri ang DA-PCC sa CMU dahil sa pagsisikap nitong tiyakin ang financial transparency ayon sa mahigpit na pamantayan na itinakda ng COA Circular No. 2020-006.

Ipinahayag ni Atty. Sheena Mariel Dagawasan, lider ng audit team, na ang matagumpay na pagtatapos ng proseso ng reconciliation ng PPE account ay isang mahalagang hakbang upang palakasin ang kredibilidad ng financial reporting ng gobyerno, lalo na sa mga ahensya na may kinalaman sa mga kritikal na programang pang-agrikultura at pangkaunlaran.

"Ang tagumpay na ito ay isang makasaysayang hakbang patungo sa pagpapabuti ng pinansyal na integridad at pananagutan ng ahensya, dahil ngayon ay mayroon nang na-reconcile na mga balanse ng bawa't PPE account hanggang Disyembre 31, 2024," diin ni Atty. Dagawasan.

Samantala, ipinaabot ni Dr. Lowell Paraguas, direktor ng DA-PCC sa CMU, ang kanyang pasasalamat at karangalan sa pagtanggap ng parangal.

"Ito ay isang patunay ng pagsusumikap at pagtutulungan ng aming grupo, pati na rin ang aming mga kasosyo mula sa COA. Ang tagumpay ng hakbang na ito ay nagpapakita ng aming patuloy na pangako sa pagpapabuti ng financial na transparency at pagpapanatili ng tiwala ng publiko," ani Dr. Paraguas.

Dagdag pa ni Dr. Paraguas, "Ang tagumpay na ito ay bahagi ng aming patuloy na pagsisikap upang mapabuti ang operasyon ng ahensya. Magpapatuloy kaming magbigay-priyoridad sa kahusayan sa lahat ng aming mga programa habang nagsusumikap na mapalago at mapaunlad ang sektor ng agrikultura."

Tumanggap ang ahensya ng isang plake ng pagkilala mula sa COA sa pamamagitan ni Supervising Auditor Anida A. Mitmug mula sa COA Regional Office X, kasama si Atty. Sheena Mariel Dagawasan, lider ng audit team, at Keith Ryan I. Valdez, miyembro ng audit team.



"Ito ay isang patunay ng pagsusumikap at pagtutulungan ng aming grupo, pati na rin ang aming mga kasosyo mula sa COA. Ang tagumpay ng hakbang na ito ay nagpapakita ng aming patuloy na pangako sa pagpapabuti ng pinansyal na transparency at pagpapanatili ng tiwala ng publiko.

**DR. LOWELL PARAGUAS**
Center Director
DA-PCC sa CMU




# BUKOD-TANGI

## DA-PCC sa USM, kinilala sa natatanging kontribusyon sa agrikultura, edukasyon, at pananaliksik sa Rehiyon XII

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

*DA-PCC sa USM—Bilang pagsasalamin sa dedikasyon sa pagbibigay ng mga de-kalidad na serbisyo sa Rehiyon Dose, binigyang-pugay at pinarangalan ang DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) sa kanilang natatanging pagsisikap sa pagpapalawak at pagtataguyod ng mga inobasyon sa pagkakalabawan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa iba't ibang mga kabalikat na ahensya sa rehiyon.*

"Sa pamamagitan ng patuloy na pagsusumikap ng DA-PCC sa USM, mas pinapalawak natin ang kaalaman at ugnayan sa industriya ng kalabaw. Ang mga inisyatibo at pagsasanay na ating isinulong ay naglalayong magbigay ng mas mataas na antas ng kasanayan at oportunidad sa mga carapreneurs, na nagpapalakas sa kanilang kakayahan at nagpapasigla sa buong industriya," saad ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray R. Atok

Bilang bahagi ng pagpapakita ng tagumpay ng kanilang school-based feeding program, kinilala ng Department of Education Region XII (DepEd XII) ang DA-PCC sa USM bilang isang mahalagang katuwang sa pagpapatupad ng nasabing programa sa buong rehiyon. Layunin ng programa na mapabuti ang kalusugan ng mga mag-aaral at mapalakas ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga carapreneurs.

Dagdag pa rito, pinarangalan din ng DA-Agricultural Training Institute XII (DA-ATI-XII) ang DA-PCC sa USM bilang "Best Collaborating Partner" sa pagpapalaganap ng mga extension programs sa pangangalaga ng hayop sa Rehiyon XII. Ang pakikipagtulungan ng dalawang ahensya ay nagresulta sa matagumpay na pagsasagawa ng mga pagsasanay sa tamang pamamahala ng mga hayop at iba pang mga serbisyo sa extension, kabilang ang pagsasanay sa artificial insemination o AI.

Bukod pa rito, pinuri ng SOCCSKSARGEN Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development Consortium (SOXAARRDEC) ang DA-PCC sa USM sa kanilang aktibong papel sa pagsusulong ng mga pananaliksik sa agrikultura na nagpapabuti sa produktibidad sa rehiyon.

Ayon kay Director Atok, ang mga pagkilalang ito ay sumasalamin sa patuloy na dedikasyon ng sentro sa pag-unlad ng rehiyon, kahusayan sa mga programang pang-agrikultura, at natatanging pagganap ng ahensya sa bawat komunidad.

*Mula sa p.4*

## SA DAIRY, AND KITA AY DAILY...

ang mga magsasaka sa La Castellana ay hindi lamang pinapahusay ang kanilang kakayahan sa kompetisyon kundi tumutulong din sa pagpapabuti ng seguridad sa pagkain at sa lokal na ekonomiya.

Sa tulong ng DA-PCC sa LCSF at Pacita United Farmworkers Association, ang pagsasanay na ito ay nagbigay ng sapat na kaalaman lalo na sa mga susunod na henerasyon ng mga milk processors upang makagawa ng mas ligtas at mas de-kalidad na mga produkto, habang pinangangalagaan ang mga pamantayan sa kalinisan para sa pangmatagalang tagumpay ng industriya.

*Mula sa p.2*

## ICMC inilunsad ang bagong Milk Collection Center, Dairy Box...

sa pamamagitan ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform. Ang proyektong ito ay naglalayong magbigay ng karagdagang kita sa mga magsasaka at palakasin ang suporta sa mga lokal na magsasaka at kooperatiba.

Pinondohan ng DA-Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Center (DA-PCC sa MLPC) ang pagpapatayo ng gusali. Magsasagawa rin ito ng regular na pagbisita upang tiyakin ang maayos na operasyon ng mga kagamitan at masubaybayan ang dami ng gatas na kinokolekta. Magbibigay rin ng suporta ang Barangay Local Government Unit (BLGU) sa pamamagitan ng paglalaan ng lupa para sa pasilidad.


*Kuha ni DBastatas*

Bukod sa inagurasyon, inilunsad din ang isang Dairy Box sa Taway, Ipil. Ang matagumpay na pagsasakatuparan nito ay resulta ng kolaborasyon ng DA-PCC sa MLPC, ICMC, Philippine Coconut Authority (PCA), at Local Government Unit ng Ipil (LGU-Ipil).

Sa naturang kaganapan, ipinahayag ni Phil O. Advento, miyembro ng ICMC Board of Directors, ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa sipag at dedikasyon ng mga kasapi ng kooperatiba. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng patuloy na pagtutulungan upang matiyak ang tagumpay ng industriya sa hinaharap.

Ayon naman kay Ipil Mayor Anamel C. Olegario, "Bago matapos ang aking termino, lubos akong nagagalak na maisakatuparan ang proyektong ito—ang pagtatayo ng milk collection center at ang paglulunsad ng Dairy Box. Ang susunod nating hakbang ay tiyakin ang pagpapalawak at maayos na pangangasiwa ng mga pasilidad, kagamitan, at mga hayop na ipinagkakatiwala sa atin."

Samantala, binati ni Dr. Cecelio G. Velez, center director ng DA-PCC sa MLPC, ang ICMC sa kanilang pagsulong sa pagpapalawak ng kanilang mga asset sa pamamagitan ng dairy enterprise. Aniya, bagama't may mga hamon pang kakaharapin, marami ring oportunidad ang naghihintay para sa kooperatiba.

*Sundan sa p.7*

KARA-ADS

**In life, two is better than one**



AVAILABLE NOW AT MILKA KREM
Science City of Muñoz, NE

**want to beat the heat?**



**satisfy your cravings on carabao-based milk desserts**

DINE IN AT KARABELLA DAIRY

Level 2, Midtown Wing, Robinsons Manila
Level 5, The Block, SM North EDSA

FULL STORY ON 2025 KARBAW 2ND QTR ISSUE

KARA-KRUSIGRAMA

# MGA KAGAMITAN SA PAGSUSUMPIT

Bago magsumpit ang isang AI technician, dapat maalam ito sa mga gagamiting instrumento at kagamitan, gaya ng AI gun, $LN_2$ tank para sa mga semilya, at iba pa.

**PANUTO:** Hulaan ang labinlimang (15) kagamitan sa AI gamit ang mga palantandaan sa gilid.




## PAHALANG [ ↔ ]

**3.** Ang ____ semen straw ay isang kagamitan na naglalaman ng live sperm para ma-fertilize ang itlog ng babae na inilalabas sa panahon ng obulasyon.

**5.** Ito ay madalas gamitin bilang pantakip sa AI gun kapag ang straw ay nailagay na rito.

**8.** Pansukat ng temperatura ng tubig sa isang lalagyan.

**11.** Ang __________ gloves ay ginagamit pamprotekta ng kamay na may sukat hanggang balikat ng AI technician na nagsasagawa ng rectal palpation at pagsusumpit.

**12.** Ang Liquid Nitrogen ______ ay isang imbakan ng frozen semen at liquid nitrogen.

**15.** Madalas nilalagay sa ibabaw ng disposable gloves ang ________ gloves bilang dagdag proteksyon tuwing rectal palpation, pagsusuri ng obaryo, at sa paghawak ng mga estrus inducer.

## PABABA [ ↕ ]

**1.** Ito ay gawa sa stainless steel na asero kung saan inilalagay ang semilya para sa pagsusumpit

**2.** Ito ay ginagamit pangkuha ng straw ng semilya mula sa tangke ng LN2 tank.

**4.** Ito ay isang manipis na plastik na ginagamit para takpan ang AI gun na naglalaman ng na-thaw na frozen semen upang maprotektahan ito mula sa anumang kontaminasyon.

**6.** Ang ________ cutter ay ginagamit para putulin ang selyo o pulbos na selyo ng straw ng semilya.

**7.** Ang ________ stick ay isang kagamitang panukat na gawa sa kahoy o plastik, na may marka na madalas ginagamit sa pagsukat ng antas ng LN2 sa tangke ng LN2.

**9.** Ginagamit ito panlinis, at pampunas ng bukana ng vulva at upang patuyuin ang straw ng semilya.

**10.** Isang lalagyan na nagpapanatili sa nais na temperatura ng tubig na 37-40°C. Ginagamit din itong pantunaw ng frozen na semilya.

**13.** Nagsisilbing imbakan ang stainless steel _____ ng mga paraphernalia ng AI

**14.** Ginagamit ang ________ nitrogen pangpreserba ng frozen semen sa mahabang panahon.

*Mula sa p.4*

## *Social preparation training para sa Lamut, Ifugao*


Livestock and Poultry Raisers Association, Lawig Savings and Credit Cooperative, One Lamut Agriculture Cooperative, at Pulaan Magaad Farmers Organization ay nakilahok sa pagsasanay.

Pinalawak ng pagsasanay ang mga kasanayan na nakuha na nila mula sa kanilang mga nakaraang karanasan bago ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Sa kaniyang lektyur, binigyang-diin ni Dr. Dela Cruz ang dalawang layunin na dapat makamit ng mga kalahok - bumuo ng isang malinaw na kamalayan upang magtagumpay at bumuo ng isang personal at organisasyunal na naaangkop na pananaw.

Ang mga magsasaka ay hinimok na gampanan ang kanilang mahalagang papel sa produksyon ng gatasang kalabaw.

"Maraming benepisyo ang pag-aalaga ng kalabaw na nararanasan ninyo basta't manatili kayong nakatuon at nagtitiyaga sa tuluy-tuloy na pagkatuto," saad ni Dr. Dela Cruz.



*Kuha ni MTMora*



***G NA G SA FOOD SAFETY.*** *Pinangunahan ni Eden Tio, CBED coordinator ng DA-PCC sa LCSF ang pagbibigay ng teknikal na kaalaman sa mga kalahok.* ***-LJHuelar***

*Mula sa p.3*

## *Carapreneurs ng Sagay City, nagtamo ng mahahalagang kasanayan sa Food Safety seminar...*

mga produktong gatas upang maging ice cream, yogurt, at mga tradisyunal na pagkain tulad ng pastillas at dulce de leche.

Dumalo sa seminar ang 10 kalahok mula sa SCEMPCO at inaasahang mas tataas ang kanilang kaalaman sa visual merchandising, pamamahala ng imbentaryo, kalkulasyon ng pamamahala ng Dairy Box, paggamit ng Facebook pages, at Vision Traction Organizer.

Tinuturuan din ang mga kalahok kung paano kalkulahin ang kanilang breakeven point at tasahin ang pamamahalang pinansyal ng pagganap ng kanilang kooperatiba gamit ang mga mahahalagang metric tulad ng Return on Investment (ROI) at iba pang kritikal na indikasyon.

Sakop din ng seminar ang mga estratehiya sa pagpepresyo at pamamahala ng gastos ng produkto, na tutulong sa mga kalahok upang tiyak na pamahalaan ang mga mahahalagang aspeto ng kanilang operasyon sa negosyo.

*Mula sa p.6*

## *ICMC inilunsad ang bagong Milk...*

Kabilang sa mga dumalo sa kaganapan sina Estella P. Valiente, Science Research Specialist II mula sa Philippine Carabao Center National Headquarters and Gene Pool; Dores C. Gabo, Science Research Specialist mula sa Department of Science and Technology (DOST) Zamboanga Sibugay; Edgar G. Milanos, Senior Trade-Industry Development Specialist mula sa Department of Trade and Industry IX (DTI); Edman H. Mondalico, Coconut Development Officer mula sa PCA; Obet Villacura, kinatawan mula sa opisina ni Sen. Villar sa Rehiyon IX; pati na rin ang Board of Directors at mga miyembro ng ICMC at mga kawani ng DA-PCC.

Ang paglulunsad ng Dairy Box sa Ipil ay ang ika-52 na outlet na nag-ooperate sa buong bansa at ang ika-apat sa 17 lugar sa ilalim ng CCDP, na nagsisilbing isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapalakas ng industriya ng paggagatasan sa rehiyon.



*Kuha ni DBastatas*

*Abangan sa susunod na isyu:*




OMK! Campaign sa Mindanao

The Adventures of KalaGirl and KalaBoy



KWENTONG TAGUMPAY

# ANG MAGITING NA POLICE-FARMER NG PAMPANGA

> I am thankful sa DA-PCC sa CLSU kasi sa tuwing kailangan namin kayo ay nandito kayo at gina-guide ninyo kaming mga farmers kung saan kami papunta at ang laking tulong nito sa amin.
>
> **PCOL FERNANDO L. CUNANAN JR.**
> Carapreneur

Ni **Camilla Jane Soliman**

***DA-PCC sa CLSU**—Maliban sa pagiging isang magiting na pulis, si PCOL Fernando L. Cunanan Jr., 49 ng San Fernando, Pampanga ay isa ring carapreneur.*

"Police farmer"—ganito kung tawagin ni PCOL Cunanan ang kanyang sarili at ng mga nakakakilala sa kanya dahil lumaki siya sa pamilya ng mga magsasaka na may pagmamahal rin sa agrikultura katulad ng pag-aalaga ng kalabaw.

Nagsimula ang interes ni PCOL Cunanan sa pag-aalaga ng kalabaw noong siya ay bata pa. Malinaw pa sa kanyang alaala ang pagkakalabawan nila noon. Kwento niya, mayroon silang apat na alagang kalabaw at mahilig siyang sumakay sa likod nito. Paborito rin niyang lagyan ng gatas ng kalabaw at asin ang mainit na kanin sa kanyang almusal. Subali't natigil ang pag-aalaga ni PCOL Cunanan ng kalabaw nang siya ay tumungtong sa high school dahil kinailangan niyang mag-aral sa ibang lugar.

Nang maging ganap na pulis, nakabili siya ng isang kalabaw mula sa kapwa niya magsasaka at napagdesisyunan niyang bilhin ito at muling ipagpatuloy ang naudlot na pangarap. Mula sa isang kalabaw na nabili niya noong 2020, naging 21 na at sa kasalukuyan ay may 35 kalabaw na siyang inaalagaan. Ayon sa kanya, nakatuon pa lamang siya sa pagpaparami ng kalabaw at plano na rin niyang magsimula sa paggagatas ngayong taon. Sa ngayon, hindi pa sila nagpo-produce nito para sa merkado at pansarili pa lamang na konsumo.

Bukod sa mga alagang kalabaw, mayroon din siyang babuyan, mga kambing, baka, at tupa. Naengganyo siyang pasukin ang pag-aalaga ng kalabaw at iba pang hayop dahil sa kanyang mga kaibigan na nagsisimula rin sa ganitong interes sa pag-aalaga ng large ruminants. Ang kanyang mga farm ay matatagpuan sa iba't ibang lugar sa Region III.

Hamon din kung kanyang ituring ang paghahanap ng mapagkakatiwalaang caretaker para sa kanyang dairy farm dahil may mga pagkakataong napapabayaan at namamatay ang kanyang mga kalabaw dahil sa kakulangan ng tamang pag-aalaga. Dahil dito, napipilitan siyang humanap ng bagong kapalit. Ang kanyang pamangkin na si JC ang naging kasama niya sa pamamahala ng dairy farm.

Nagtapos si PCOL Cunanan ng kursong Criminology sa Angeles University Foundation. Bilang miyembro ng Philippine National Police (PNP) at Chief Liaison Officer for Legislative Affairs sa House of Representatives, ilan sa kanyang mga tungkulin ang pakikipag-ugnayan sa mga mambabatas, paghahanda ng mga briefing para sa mga kaugnay na batas, at pag-coordinate ng mga tugon ng PNP sa mga legislative inquiries. Kaakibat din ng kanyang tungkulin ang pagtiyak sa kaligtasan at seguridad ng mga mamamayan at publiko.

Noong nakaraang taon, kinilala si PCOL Cunanan sa kanyang kontribusyon sa pagsagip ng buhay-ilang. Pinamunuan din niya ang pagtatatag ng kauna-unahang cyber patrol team ng PNP Maritime, na nakatuon sa pagtuklas at pangangalap ng impormasyon tungkol sa mga krimeng may kaugnayan sa buhay-ilang upang mapigilan ang ganitong ilegal na gawain.

Si PCOL Cunanan ay isa sa limang pinarangalan ng Wildlife Sentinel Award Philippines, na itinatag ng Traffic, isang non-governmental organization na nagbibigay parangal sa mga tagapagpatupad ng batas na lumalaban sa mga buhay-ilang krimen sa bansa. Nagpahayag naman ng pasasalamat si PCOL Cunanan sa ahensya dahil sa suporta nito para sa mga tulad niyang nagsisimula sa larangan ng pag-aalaga ng kalabaw.

"I am really thankful sa PCC at CLSU kasi sa tuwing kailangan namin kayo nandito kayo and gina-guide niyo kaming mga farmers kung saan kami papunta at ang laking tulong nito sa amin," sambit niya.

Patunay ito na ang malasakit ni PCOL Cunanan sa kanyang tungkulin bilang pulis at ang dedikasyon niya sa pag-aalaga ng kalabaw at agrikultura ay dalawang mahirap na gawain, nguni't sa pagsasama ng sipag at tiyaga ay tiyak na magbubunga ito ng tagumpay.


## CaraBalitaan

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala apat na beses sa isang taon para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*

## Patnugutan

**PATNUGOT** Rowena S. Galang, Ma. Cecilia Irang-Mariano
**TAGAPAMAHALANG PATNUGOT** Ronaline C. Canute
**MANUNULAT** Dorie D. Bastatas, Jeson C. Candole, Louie Jee C. Huelar, Mar Teodoro A. Mora, Camilla Jane A. Soliman, Lloyd Melvin M. Tonga, Rodolfo T. Valdez Jr., Shirley T. Viloria
**LAYOUT AT ILUSTRASYON** France Joseph O. Pascual
**TAGAPAMAHALA SA SIRKULASYON** Ronaline C. Canute, France Joseph O. Pascual
**TAGAPAYO** Liza G. Battad


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

### K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

### V-Tour

*Maaari na ring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*